REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 89-90

**KAPASIYAHAN NA NAGGAGAWAD NG "MAYOR IGNACIO R. BUNYE LEADERSHIP AWARD" SA MGA NATATANGING MAGSISIPAGTAPOS NA MAG'AARAL NG PAMBAYANG MATAAS NA PAARALAN NG MUNTINLUPA AT PAMBANSANG MATAAS NA PAARALAN NG MUNTINLUPA.**

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang paggagawad ng pagkilala sa mga katangi-tanging kakayahan ng isang mag-aaral ay nagpapakitang halimbawa sa pagsasaalang-alang sa kasiya-siyang ipinamalas nito sa kabuuan ng kanyang pag-aaral sa paaralan;

SAPAGKAT, ang Mayor Ignacio R. Bunye Leadership Award ay isang pagpapahalaga sa mag-aaral na magpamalas ng pigasig sa mga gawaing ekstra-kurikular at magandang akademik rekord na may pangkalahatang antas na di bababa sa walumpu't limang bahagdan (85%);

SAPAGKAT, mapapayabong ng husto ang pagsisikhay ng isang mag-aaral kung may matibay na inspirasyon sa laging naka-agapay at kumikilala sa kanyang kasipagan at kahusayan sa paaralan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay papagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na maggawad ng Mayor Ignacio R. Bunye Leadership Award sa mga natatanging mag-aaral ng Pambayang Mataas na Paaralan ng Muntinlupa at ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Muntinlupa na magsisipagtapos sa Marso 1989 at bigyan din ng gintong medalyon.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng lahat ng kasapi ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang panglimampu't isang (51st) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-13 ng Marso, 1989.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

Pahina - 2 -

Kapasiyahan Bilang 89-90

| | |
|---|---|
| KGG. ROMAN E. NIEFES<br>Konsehal | KGG. LUCIO B.CONSTANTINO<br>Konsehal |
| KGG. NEMESIO O. MOZO<br>Konsehal | KGG. RUFINO B. JOAQUIN<br>Konsehal |
| KGG. ROGER C. SMITH<br>Konsehal | KGG. NOLASCO L. DIAZ<br>Konsehal |

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

RRC:vts